

TULONG SA PAGBABAYAD NG IYONG BILL

Nag-aalok ang Departamento sa Pinansyal na Pagpapayo (Financial Counseling Department) ng Hoag Orthopedic Instituteng mga libreng screening sa pananalapi para sa mga taong walang insurance sa kalusugan at hindi mabayaran ang kanilang bill sa ospital, pati na rin ang mga pasyenteng may insurance, pero hindi mabayaran ang bahagi nila ng bill na hindi sinasaklawan ng insurance.

Tutukuyin ng aming mga Pinansyal na Tagapayo ang iyong pagiging kwalipikado para sa Medicare, Medi-Cal, o iba pang tulong ng pamahalaan sa pagbabayad ng iyong mga medikal na bill. Ang mga pasyenteng hindi kwalipikado para sa tulong ng pamahalaan ay puwede pa ring maging kwalipikado para sa Programa sa Tulong-Pinansyal (Financial Assistance Program), mga diskwento, o programa sa kawanggawa na available sa pamamagitan ng Hoag Orthopedic Institute.

Paano Mag-apply Puwede kang makipag-ugnayan kaagad sa aming mga Pinansyal na Tagapayo pagkatapos ma-discharge o pagkatapos ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pagtawag sa 949-764-5564 o sa pamamagitan ng pag-email sa FC@hoag.org.

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong makatanggap ng form ng aplikasyon sa tulong-pinansyal, makipag-ugnayan sa amin: **Sa pamamagitan ng telepono: 949-764-8413**

Sa aming website sa hoagorthopedicinstitute.com

Sa pamamagitan ng pagbisita nang personal sa isa sa aming mga lokasyon:

Hoag Hospital- Newport Beach Cashier's Office (Opisina ng Cashier) One Hoag Drive Newport Beach, CA 92662 Mga Oras: Lunes hanggang Biyernes 8:30am hanggang 4:30pm o sa pamamagitan ng email sa FC@hoag.org	Hoag Hospital- Irvine Cashier's Office (Opisina ng Cashier) 16200 Sand Canyon Ave Irvine, CA 92618 Mga Oras: Lunes hanggang Biyernes 8:30am hanggang 4:30pm o sa pamamagitan ng email sa FC@hoag.org	Mga Serbisyo sa Pananalapi ng Pasyente Attn: Charity Care Specialist (Espesyalista sa Pangangalaga sa Kawanggawa) 2975 Red Hill Ave., Suite 200 Costa Mesa, CA 92626 Hours: Lunes hanggang Biyernes 8:30am hanggang 4:30pm o sa pamamagitan ng email sa sPFS@hoag.org
--	--	---

Programa sa Reklamo sa Bill sa Ospital

Kung naniniwala kang hindi ka dapat tinanggihan ng tulong-pinansyal, puwede kang maghain ng reklamo sa Programa sa Reklamo sa Bill sa Ospital ng Estado ng California. Pumunta sa HospitalBillComplaintProgram.hcai.ca.gov para sa higit pang impormasyon at para maghain ng reklamo.

Higit Pang Tulong

May mga libreng organisasyon sa pagtataguyod ng consumer na makakatulong sa iyo na maunawaan ang proseso ng pagsingil at pagbabayad, kasama ang Health Consumer Alliance sa healthconsumer.org.

Health Consumer Alliance

Ang Alyansa ng Consumer sa Kalusugan (Health Consumer Alliance, HCA) ay isang hiwalay na programa sa tulong sa consumer na nag-aalok ng tulong sa pamamagitan ng telepono o nang personal para tulungan ang mga taong nahihirapang makakuha o magpanatili ng saklaw sa kalusugan at malutas ang mga problema sa kanilang mga planong pangkalusugan. Matutulungan ka ng HCA sa pag-apply para sa saklaw gaya ng Medi-Cal, Hospital Presumptive Eligibility, pribadong insurance, o Covered California.

Department of Managed Health Care

Binibigyang-kaalaman ng Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC) ang mga consumer tungkol sa kanilang mga karapatan sa pangangalagang pangkalusugan, paglutas ng mga reklamo laban sa mga planong pangkalusugan, pagtulong sa mga consumer na maunawaan ang kanilang saklaw, at pagtulong sa mga consumer sa pagkuha ng napapanahong access sa mga naaangkop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Nagbibigay ang Help Center ng DMHC ng direktang tulong sa lahat ng wika sa mga consumer ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng website ng Departamento, HealthHelp.ca.gov, at isang toll-free na numero ng telepono, (888) 466-2219.

Ang Programa sa Reklamo sa Bill sa Ospital

Ang Programa sa Reklamo sa Bill sa Ospital ay isang programa ng estado na nagsusuri ng mga pasya ng ospital tungkol sa kung kwalipikado ka para sa tulong sa pagbabayad ng iyong bill sa ospital. Kung naniniwala kang hindi ka dapat tinanggihan ng tulong-pinansyal, puwede kang maghain ng reklamo sa Programa sa Reklamo sa Bill sa Ospital:

HospitalBillComplaintProgram.hcai.ca.gov para sa higit pang impormasyon at para maghain ng reklamo.

Helpdesk Laban sa Pambibigla

Para matuto pa tungkol sa mga proteksyon sa pagsingil Laban sa Pambibigla para sa mga consumer, makipag-ugnayan sa 1-800-985-3059 o bisitahin ang www.cms.gov/nosurprises/consumers.

Pagkakumpidensyal

Nauunawaan naming ang pangangailangan para sa tulong-pinansyal ay puwedeng sensitibo at matinding personal na isyu. Ipinapangako namin ang pagpapanatili ng pagkakumpidensyal ng mga kahilingan, impormasyon, at pagpopondo.

Ipinapangako naming gawing available ang impormasyon tungkol sa Programa sa Tulong-Pinansyal ng Hoag Orthopedic Institute sa mga komunidad na pinaglilingkuran namin sa paraang madaling maunawaan.

Bukod sa English, ang buod na ito, Patakaran ng Programa sa Tulong-Pinansyal ng Hoag Orthopedic Institute, at form sa Programa sa Tulong-Pinansyal ng Hoag Orthopedic Institute, ay available sa ibang wika, kasama ang, pero hindi limitado sa, Arabic, Chinese, Farsi, Korean, Spanish, at Vietnamese. Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa **949-764-8400** o bisitahin ang hoagorthopedicinstitute.com.

Maa-access ng mga pasyenteng may kapansanan na i-access ang abiso na ito sa isang accessible na alternatibong format kasama ang, pero hindi limitado sa, malaking print, braille, audio, at ibang pang accessible na electronic na format sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Admissions Office sa **949-764-8275** o **949-517-3161**.

